SFMTA

TIME SENSITIVE – MUST SUBMIT WITHIN 21 DAYS OF THE ADMINISTRATIVE REVIEW LETTER

# ADMINISTRATIVE HEARING REQUEST FORM
# SPEEDING TICKET

Gamitin ang form na ito o gumawa ng liham para sa hanggang sa 4 na speeding ticket. Kumpletuhin ang lahat ng mga seksyon. **Bayaran ang (mga) multa**. Para sa isang payment waiver, magbigay ng patunay na (1) ang sasakyan ay ninakaw bago pa man mabigyan ng ticket, o (2) ang may-ari ng sasakyan ay aprubado para sa SFMTA low-income discount program.

## 1. CONTACT INFORMATION

a. Pangalan: ________________________________ b. Apelyido: ____________________________________

c. Address kung kayo ay susulatan: _______________________________________________________________

d. City, State, Zip Code: _____________________________ e. Numero ng telepono: ______________________

f. Email: _____________________________________________________________________________

g. Numero ng inyong Plaka (License Plate Number): ____________________________ h. Estado na naglabas ng inyong lisensya (License State): _________

## 2. TICKET INFORMATION (IMPORMASYON NG INYONG TICKET)

a. Notice Number: _________________________ b. Notice Number: _________________________

c. Notice Number: _________________________ d. Notice Number: _________________________

## 3. HEARING DEPOSIT REQUIREMENT (DEPOSITO PARA SA PAGDIDINIG)

**Pumili po ng isa**.

☐ a. Binayaran ang multa ☐ b. Aprubadong form para sa Low-Income Verification ☐ c. Ninakaw ang sasakyan

***Hindi mag sasagawa ng schedule para sa pagdidinig ng walang bayad para sa multa o isang waiver.*** *Para sa isang waiver, ang naturang kahilingan ay maaring tanggihan kung ang aprubadong low-income form o lahat ng mga pahina ng police report ay hindi kalakip sa hearing request form.*

## 4. NINANAIS NA PAMAMARAAN SA PAGDIDINIG (HEARING PREFERENCE)

Pumili ng isang pamamaraan sa pagdidinig.

☐ a. Sa pamamagitan ng koreo (Mail Hearing ☐ b. personal na pagdidinig (In-Person Hearing) ☐ c. Pagdidinig sa telepono o gamit ang Video (phone or Video Hearing)

***Lahat ng pagdidinig ay itatakda sa loob ng 90 na araw magmula ng isinagawa ang kahilingan para sa pagdidinig.*** Para sa mga pagdidinig sa online at koreo, pag aaralan ng isang Hearing Officer ang protesta sa loob ng 90-araw na tinakdang panahon.

**Libreng tulong sa wika** ☐ Interpretasyon ☐ Translation ☐ wika ________________________

## 5. IPADALA O MAG SUMITE NG HEARING REQUEST FORM

Ipadala ang kumpletong kahilingan para sa pagdidinig (hearing request form) at lahat ng mga dokumento sa SFMTA. I-upload ang mga ito online sa www.violationinfo.com. Mag upload sa loob ng 21 araw ng petsang nakatatak sa sulat ng unang pag repaso at pag aaral sa ticket.

O ipadala ang form ng kahilingan sa pagdidinig at mga dokumento sa pamamagitan ng koreo o dalhin ng personal at ibigay ito sa Customer Service c/o ASE Hearings, 11 South Van Ness Ave, San Francisco, CA, 94103. A***ng mga kahilingan para sa pagdididnig gamit ang Email ay maaaring matanggihan***.

Magtabi ng sipi o kopya nitong kahilingan at mga dokumento para sa inyong sariling record o talaan.

## 6. PAGLALAHAD NG MGA KATOTOHANAN (STATEMENT OF FACTS)

Ipaliwanag at idetalye ang kung bakit hindi kayo sangayon sa ginawang pagpasya dulot ng paunang pag aaral at pag repaso. Ibahagi ng malinaw ang inyong mga dahilan sa inyong posisyon and isama ang anumang makabuluhang katotohanan na sa inyong paniniwala ay nilaktawan o hindi isinaalang alang, inalis, o di naintindihan. Kung naaangkop, tunghayan o banggitin ang lahat ng mga batas, polisiya o patakaran na sa inyong

[Kung kinakailangang, mag dagdag ng hangang 2 letter sized na pahina, naka doubled-spaced, typed o sinulat-kamay. Kung naka type, gamitin ang 12-point font. Kung sulat-kamay, i=print na malinaw na madaling mabasa.]

palagay ay sumusuporta na i-dismiss ang ticket. Ilakip ang lahat ng ebidensya na sumusuporta sa inyong kahilingan para i-dismiss ang ticket. Para sa karagdagang impormasyon, tunghayan ang mga tagubilin sa pahina 3.

7. Sa ilalim ng parusa sa pagsisinungaling (penalty of perjury) sa ilalim ng mga batas ng estádo ng California, Pinapahayag ko na ang mga nasa itaas at tumpak at tama sa abot ng aking kaalaman.

Ginampanan sa araw ng __________ ng buwan ng ___________________ sa taong __________________

sa ______________________________________________________________________ (Lungsod, Estado).

Pirma/Lagda ng humihiling ______________________________________________________________________

**TAGUBILIN** – KUNG PAANO MAKUKUMPLETO ANG HEARING REQUEST FORM

**1. Contact Information** – Kung paano pupunuan ang inyong contact information

a. Pangalan – Isulat ang inyong unang pangalan (ang pangalan na tawag sa inyo ng inyong mga kaibigan).
b. Apelyido – Isulat ang inyong huling pangalan o apelyido (ang pangalang ng inyong pamilya).
c. Mailing Address – Isulat ang buong address na kung saan ninyo nakukuha ang inyong mga sulat. Kasama dito ang numero ng inyong bahay, pangalan ng lansangan, at numero ng apartment o suite (kung mayroon kayo nito).
d. Lungsod, Estado, Zip Code – Isulat ang pangalan ng inyong lungsod, estádo kung saan kayo nakatira, at ang inyong zip code.
e. Numero ng Telepono – Isulat ang inyong numero ng telepono kung saan matatawagan kayo kung sila ay may katanungan.
f. Email Address – Isulat ang inyong email address. Ito ang kung saan makakakuha kayo ng mga mensahe mula sa online.
g. Numero ng Plaka (ng sasakyan) – Isulat ang mga titik o letra at numero na nasa inyong plaka ng sasakyan.
h. License State – Isulat ang pangalan ng estádo na nagkaloob sa inyo ng inyong plaka ng lisensya.

**2. Ticket Information** – Kung paano mag sasalaysay sa amin ng tungkol sa speeding ticket
Hanapin ang notice number sa Notice of Violation. Ang Notice of Violation ay ang inyong speeding ticket. Pupuwede ninyong isama ang hanggang apat (4) na speeding ticket para sa hearing request form. Lahat ng mga ticket ay inilabas at ginawa para sa iisang plaka ng sasakyan. Lahat ng mga ticket ay nag daan sa paunang administratibong pag aaral at repaso. Lahat ng mga ticket ay nasa loob ng 21 araw ng petsa ng pagpapadala ng paunang pagrepaso.

a. Notice Number – Write the number from your first Notice of Violation or ticket.
b. Notice Number – Kung may pangalawa kayong speeding ticket, isulat ang numero.
c. Notice Number – Kung kayo ay may pangatlong speeding ticket, isulat ang numero.
d. Notice Number – Kung kayo ay may pang apat na speeding ticket, isulat ang numero.

TUMIGIL. Gumamit ng panibagong hearing request form kung kayo ay may higit sa apat na speeding ticket.

**3. Kinakailangan na Deposito para sa pagdidinig** – Kung paano pupunuan ang hearing deposit requirement.
Piliin ang **isang** kahon lamang. **Ilakip ang katunayan** (isang papel na dokumento na nagpapakita ng tumpak ang inyong pinili).

a. ☐ Binayaran ang multa – I-check ang kahon na ito kung binayaran ninyo ang multa. Ilakip at ikabit ang kopya ng inyong resibo sa binayad. Ang deposito ay dapat katumbas ng kabuuhang halaga ng mga multa sa bawat ticket.
b. ☐ Aprubadong Low-Income Verification Form – I-check ang kahon na ito kung kayo ay aprubado para sa SFMTA discount dahil sa mababang kinikita. Ilakip ang kopya ng aprubadong low-income verification form.
c. ☐ Ninakaw ang sasakyan – I-check ang kahon na ito kung ang inyong sasakyan ay ninakaw. Ilakip at ikabit ang lahat ng mga pahina ng police report. Ang petsang nakatatak sa police report ay dapat bago pa man mangyari o malapit sa panahon na nabigyan kayo ng speeding ticket.

**4. Kagustuhang pamamaraan ng pagdidinig** – Pumili ng gustong pamamaraan sa inyong pagdidinig.

a. ☐ Pagdidinig sa pamamagitan ng koreo – Ipapadala ninyo ang kinumpletong hearing request form sa pamamagitan ng koreo sa Customer Service c/o ASE Hearing, 11 South Van Ness Av, San Francisco, CA, 94103. May Hearing Officer na magbabasa sa pahayag, rerepasuhin at pag aaralan ang ebidensya. Kasama sa ebidensya ang notice of violation, sulat ng paunang pag aaral (initial review letter), larawan ng sasakyan, at mga dokumentong sumusuporta sa inyong panig.
b. ☐ Personal o In-Person Hearing – Pupunta kayo sa SFMTA Customer Service at makakausap ninyo ang Hearing Officer. Hindi kailangan ang appointment. Gagawa ng schedule ang Customer Service para sa inyo at sa Hearing Officer batay sa first-come, first-served basis.
c. ☐ Pagdidinig sa telepono o Video – Makakausap ninyo ang Hearing Officer sa telepono o video para ipaliwanag ang inyong pahayag at ebidensya. Tunghayan ang #6 – Statement of Facts na makikita sa ibaba.

🕒 Lahat ng pagdidinig ay isasagawa sa loob ng 90 araw matapos ninyong ipadala ang inyong request form. Walang pagpapasya o desisyon ang ilalabas sa araw din mismong isinagawa ang pagdidinig, pati na sa mga personal (in-person) na pagdidinig. Para sa mga pagdidinig gamit ang telepono o video, ang SFMTA ang magtatakda ng mga appointment.

Nakalaan ang **libreng Tulong sa Wika**. I-check ang kahon kung gusto ninyo ng suporta mula sa taga salin wika. I-check ang kahon kung gusto ninyong nakasulat ang pagpapasya ng pagdidinig sa ibang wika. Sabihan kami kung anong wika ang kinakailangan.

**5. Ipadala o i-sumite ang Hearing Request Form** – Kung paano ipapadala ang inyong hearing request form.
Matapos ninyong mapunuan ang form at makalap ang lahat ng inyong mga dokumento, maaari ninyong ipadala ang mga ito sa isa sa mga sumusunod na pamamaraan:

a. **I-upload Online**
sumadya sa : www.violationinfo.com
Sundan ang mga hakbang para mag upload ng inyong hearing request form at mga dokumento.

📌 **Paalala**: Gamitin ang notice number at PIN na matatagpuan sa bandang taas ng inyong Notice of Violation. Ang Notice of Violation ang inyong speeding ticket. Para sa maraming speeding ticket, i-upload ang form at mga dokumento para sa bawa't ticket. Bawa't ticket ay may kanyang sariling notice number at PIN.

b. **Sa pamamagitan ng koreo o personal na dinala at inihatid**
Ipadala o dalhin ang inyong hearing request form at mga dokumento sa :
**Customer Service c/o ASE Hearings**
11 South Van Ness Ave
San Francisco, CA 94103

📌 **Paalala**: Ang mga Hearing request form at dokumentong pinadala sa pamamagitan ng email ay maaaring tanggihan.

**6. Pahayag ng katotohanan –** Kung paano ipapaliwanag ang kung bakit hindi kayo sang ayon sa Notice of Violation (ticket) o paunang pag aaral o pag repaso
Sa bahaging ito, kailangan ninyong **isulat ang malinaw na paliwamag** ang dahilan kung bakit sa pag iisip ninyo ay hindi tama ang ticket o paunang pag aaral o pag repaso. Narito ang paraan para magawa ito:

a. **Sabihin ang inyong panig sa kwento.** Ipaliwanag kung ano ang nangyari at kung bakit sa inyong paniniwala ay dapat na kanselahin ang ticket.
b. **Isama ang alin mang katotohanan na hindi napansin o hindi naunawaan.** Kung may mahalagang bagay na nakalimutan o hindi ipinaliwanag nang tama, isulat ito dito.
c. **Bangitin ang anumang batas o patakaran na nag susuporta sa inyong kaso.** Kung may batas o polisiya na nag sasaad na ang ticket ay dapat na balewalain, isama ito.
d. **Ilakip ang patunay.** Isama ang anumang mga papeles, larawan, o iba pang mga dokumento na tutulong na mag pakita na tama ang inyong panig. Ito ay tinatawag na mga ebidensy.

📌 **Paalala:** Ang pahayag ng katotohanan nang walang ebidensya may maaaring humantong sa pagtatanggi sa protesta.

**7. Deklarasyon at Lagda** – Sa inyong pag pirma sa form, sinasabi ninyo na lahat ng inyong sinulat at mga katunayan na inyong binahagi ay totoo, tumpak at tama. Isulat ang petsa (araw ng), buwan, at taon. Isulat ang inyong Lungsod at Estado (State). Pirmahan ang deklarasyon.